# 1

"Another martini, please," request ng isang magandang dilag sa bartender, hindi pa man nagtatagal ang pagkakaubos nito sa naunang nai-serve dito. Hindi iyon nakaligtas sa mapanuring tingin ni Patrick.

Hindi naman ito mukhang lasengga. And something was telling him that she was lonely. Hindi niya napigilan ang sariling lapitan ito.

"Ito na ba ang huling gabi na magse-serve kayo ng martini?" tanong niya sa bartender pagkaupo sa tabi ng dalaga.

"Hindi po," napakunot-noong tugon nito, puno ng pagtataka ang mukha. "Bakit n'yo po naitanong, Sir?"

"Kasi kung makainom siya, parang wala nang bukas," aniya.

Nailapag muli ng babae ang iinuman na sanang baso at hinarap siya. "Inaasar mo ba 'ko?" singhal nito.

He could not help but notice her beautiful

eyes. "Of course not! Hindi ko lang kasi maiwasang mapansin ka, you looked so amusing downing martinis like there's no tomorrow," saad niya. Hindi niya itinago ang amusement na lalong ikinainis ng babae.

"Ano ba'ng pakialam mo? Naiinggit ka? Eh di, gumaya ka kung gusto mo!" anito sabay lagok sa inumin na animo tubig lamang iyon.

"I'm sorry but I don't drink martini, it's just for ladies." *Ibang klase ang babaeng 'to*, naisip niya. "Advice lang, kung nagmamadali kang malasing, maybe that's not the drink for you."

"So what should be the drink for me then?" Tumaas ang isang kilay nito.

"Bartender, scotch please…"

"Scotch!" nabiglang ulit ng babae.

"Why? Ayaw mo ba n'un? Is it too strong for you?"

Tila nahamon ang babae. "No, scotch is fine with me," tugon nito.

Hindi nagtagal ay dumating na rin ang kanilang order at tulad ng ginawa nito sa martini, sinubukan nitong ubusin sa isang lagukan ang scotch subalit

hindi yata kinaya ng lalamunan nito ang tapang at init niyon. Bahagya itong napaubo.

Napailing si Patrick at tila automatic na hinagod niya ang likod nito.

Tinimbang niya ang sasabihin bago nagsalita, "If it's not too much to ask, may I know why you wanted to get drunk so fast? May problema ka ba? Hmm… nag-away ba kayo ng boyfriend mo?"

"Boyfriend! I don't know if I should still call him that," panimula nito na tila hindi napigilan ang sarili. "Hayop siya! All these years, I was holding onto his promise na babalikan niya ako, never doubting the love he has assured me of, 'tapos… 'tapos malalaman ko na lang na nagpakasal na pala siya sa Canada!"

Hindi naiwasan ni Patrick na makaramdam ng guilt. Kung hindi niya pinairal ang curiosity at nag-usisa, hindi sana lumuluha ang dalagang kausap niya ngayon. But on second thought, he realized maybe it had been a blessing in disguise, the girl seemed in need of unloading her pain.

"Ginawa niya akong tanga!" patuloy pa nito, downing the remaining scotch on her glass.

Habang pinagmamasdan ito ng binata, hindi niya maintindihan kung bakit nakaramdam siya ng

tila kurot sa kanyang puso. Ano bang klaseng pag-iisip mayroon ang lalaking 'yon at nagawa niyang paglaruan at lokohin ang isang magandang babaeng tulad nito? *What a stupid guy!* naisip niya.

"Another scotch please!" order muli ng babae.

Nagsimula siyang maalarma, alam niyang hindi na maganda ang tama ng alak dito. "Maybe you've already had enough..."

"Enough? I'm not even drunk yet! Gusto kong malasing nang sobra-sobra hanggang sa hindi ko na maramdaman ang sakit," diin nito sabay turo sa dibdib.

Pumayag na rin si Patrick sa gusto nito pero ipinangako niya sa sarili na huling inom na iyon ng dalaga. Nang mai-serve na ng bartender ay kaagad nitong kinuha iyon at nilagok.

"This feels good. I feel better now..." anito, trying to put on a smile but instead a drop of tear fell from her right eye.

Lalo pang umigting ang kirot na kanina pa nadarama ni Patrick sa puso habang pinagmamasdan ito. For a moment a strong instinct came upon him—he wanted to wrap his arms around her and shield her from all the pain that this cruel world was

causing her.

"All right, maybe I should take you home now," ani Patrick. Hindi naman tumanggi ang dalaga kaya matapos bayaran ang bill ay inaalalayan na niya ito palabas ng bar.

"Hmm, Miss…" tawag niya sa babaeng kasama, realizing na hindi pa pala sila nagpapakilala sa isa't isa. "Ano nga pala ang address ng bahay mo?" tanong niya matapos itong isakay sa kanyang kotse.

"Ang address ko?" mabagal na sabi nito, tila antok na antok na. "223 Antioch Street…" Hindi na nito nagawang tapusin pa ang idinidikta dahil tuluyang nawalan ng ulirat at nakatulog na.

Napapalatak si Patrick. "Where should I take you now?"

Walang choice ang lalaki kundi iuwi na lamang ito sa kanyang pad. Hindi siya ganoon ka-expert sa mga lugar para malaman niya kung saang parte ng Metro Manila niya matatagpuan ang 223 Antioch Street.

Kinailangan niyang buhatin mula sa kotse ang dalaga dahil hanggang sa makarating sila sa kanyang tirahan ay hindi pa rin ito nagkakaroon ng ulirat. Normally, he would have loathed seeing a

woman in that kind of wasted state. It would really turn him off. But for some strange reason that even he could not understand, it seemed like he became more drawn to her, feeling the need to take care of her.

Matapos mailapag ito sa kama sa loob ng guest room, hindi niya pa rin magawang alisin ang kanyang mga mata sa pagtitig sa mukha nito.

*This has got to be the most beautiful face I have ever seen*, naisip niya. And all of a sudden he was filled with such intense passion, his hand gradually moved towards her face, feeling the smoothness of her porcelain skin.

Sa kabila ng pagdidikta ng kanyang rason na tigilan ang ginagawa ay hindi niya magawang kontrolin ang sarili. Alam niyang may karamihan din ang kanyang nainom na alak, pero sadyang iba ang kanyang pakiramdam sa mga sandaling iyon. It was as if a bigger force was working upon him, making him do things that he would normally have never done.

Nang madikit ang kanyang daliri sa mapupulang labi nito, the burning passion inside him got stronger. At bigla na lamang ay nahanap niya ang sarili na inilalapat ang mga labi rito. Habang ginagawa iyon

ay patuloy na inuusig ang kanyang konsyensya.

*Oh, how could something so wrong feel so right?* daing ng isip ni Patrick, matapos bahagyang lumayo at tinitigan ang himbing na himbing pa ring dalaga hanggang sa biglang bumukas ang mga mata nito.

For a moment, binalot ng matinding pangamba ang lalaki. The girl just stared at him, hindi niya malaman kung ano ba ang umaandar sa isipan nito. And then, naramdaman niya ang kamay nito sa kanyang batok, pulling him toward her. Hindi nagtagal, muling naglapat ang kanilang mga labi. This time, it was even more magical for him as he felt the interaction of their lips. The overwhelming passion that embraced both of them totally threw out the remaining rationality in their already aroused beings.

Like a man and woman possessed, they quickly undressed each other. At ngayong parehong exposed na ang kanilang mga katawan, hindi niya maiwasan ang mamangha sa mala-gatas nitong kutis at mala-diyosang hubog ng katawan. Dahil doon, pakiramdam niya ay mas lalo pang umigting ang kanyang pananabik. Nahanap niya ang sarili na pinupuno ng halik ang bawat parte ng katawan nito na madapuan ng kanyang nag-aapoy na labi, resting

on the full mounts of her ample breasts. She bit her lower lip as if keeping herself from screaming aloud.

After a while, his burning kisses started traveling again, this time on her flat stomach, before going all the way down between her legs. Hindi na nagawang pigilan pa ng babae ang mapasigaw.

He did not know what hit him. Seeing her cry in pleasure, Patrick wished that somehow, he had helped in easing the pain of her broken heart.

Iyon pa rin ang nasa isip niya hanggang sa tuluyan silang mag-isa. Maaaring iyon ang unang pagkakataon na sila ay nagkasama, subalit ramdam niya ang hindi maipaliwanag na kaligayahan sa piling nito. Especially when he discovered that he had taken a virgin.

---

"Oh, my God!" bulalas ni Alyssa nang magising siya kinabukasan at mahanap ang sarili sa lugar na hindi niya alam, katabi sa kama ang isang lalaking hindi niya kilala. Lalo pa siyang nag-panic nang malamang hubad siya sa ilalim ng kumot na pinagsasaluhan nila nito. Napabalikwas siya pabangon.

Sa lakas ng kanyang naging sigaw ay nagising

ang lalaki.

"Who are you? Where am I? And what is this?" dere-derecho niyang tanong.

"I'm… I'm Patrick. We met last night at the bar and you're here in my house. You—"

"At the bar? But I don't remember you!" giit ni Alyssa na hindi man lamang binigyan ng pagkakataon na tuluyang makapagpaliwanag ang binata. "Saka kung nagkita tayo sa bar, bakit ako nandito sa bahay mo? Ano'ng ginawa mo sa akin?"

"W-we… okay… something happened between us and—"

"What! Something… something…" ulit niya, hindi magawang tanggapin sa sarili ang natuklasan. Nag-init ang buong mukha niya. Hindi siya makapaniwala sa nagawa niya.

Pilit niyang iniisip na isang masamang panaginip lamang ang lahat at magigising din siya sa tunay na mundo. Pero nang ma-realize niya ang pananakit ng parteng iyon ng katawan niya at ang kawalan niya ng suot sa ilalim ng kumot, doon naging malinaw sa kanya ang lahat. Totoong-totoo ang lahat ng nangyayari!

"How dare you do this to me! Rapist!" sigaw niya.

Nagdikit ang mga kilay ng lalaki. "Rapist! Aba, Miss! Para sabihin ko sa 'yo, what we did was entirely with your consent! At isa pa, you were the one who initiated it. I was trying my very best to be a gentleman but you seduced me, ano pa ba'ng magagawa ko?"

Hindi makapaniwala si Alyssa sa narinig. She was even speechless. She tried her best to remember the events of last night but all she could recall was being at the bar and drowning herself with alcohol. But she had been alone; the guy could not register on her mind.

"I happened to be alone as well last night, we started talking about… about your boyfriend," pagpapaalala nito. "Then, you got so drunk, iuuwi sana kita sa bahay mo kaya lang ang tanging nasabi mong address ay 223 Antioch Street. 'Tapos, nawalan ka na ng malay. Wala akong choice kundi ang iuwi ka rito sa bahay ko. Then, 'yun when I put you down here on the bed, you pulled my head—"

"Okay na, you don't have to tell me every single detail!" singit ng dalaga, nagba-blush. "Shit! What have I done?" mangiyak-ngiyak niyang

tanong sa sarili, puno ng pagsisisi. She had always been responsible. Hindi niya alam kung bakit nagpakalasing siya kagabi gayung hindi siya sanay uminom.

"I'm sorry," saad ng lalaki. Bahagya itong lumapit sa kanyang kinalalagyan sa gilid ng kama. Subalit nang maramdaman iyon ay kaagad siyang napatayo, tangay-tangay ang kumot na parehong nakatakip sa kanilang mga hubad na katawan.

Hindi napigilan ni Alyssa ang mapasigaw sabay takip ng mga mata matapos makita ang kabuuan ng lalaki. She got so tensed that she ran out of the room.

"Hoy, Miss! Saan ka pupunta?" tanong nito habang nagmamadaling isinuot ang boxer shorts. "Miss, heto ang mga damit mo. Mabuti pa magbihis ka muna," anito sabay turo sa direksyon ng banyo.

Mabilis niyang inabot ang hawak nito at pumasok sa banyo. Hindi nagtagal ay lumabas na rin siya mula sa CR.

Seeing her all dressed and washed up, it dawned on Patrick that their moment together was about to end.

"Uhmm… why don't you join me for breakfast

first?" pag-o-offer nito sa pagnanais na kahit paano ay mapahaba pa ang kanilang pagsasama. "I can prepare anything you want. I've got—"

"Huwag ka nang mag-abala, aalis na rin naman ako…"

"Gan'on ba?" tangi nitong nasabi. Marahan nitong isinara ang pinto ng refrigerator. Hindi sigurado si Alyssa pero tila dismayado ang lalaki sa sinabi niya. "So maybe I can give you a ride home. Hassle naman kung magco-commute ka pa."

"No need. Kaya kong umuwi nang mag-isa," seryoso niyang tugon sabay tinungo ang direksyon ng pinto.

Hindi na nagpumilit pa si Patrick, hinatid na lamang nito ang dalaga hanggang sa gate.

"I-it was really nice to meet you…" anito after scanning his head for the most appropriate thing to say in that awkward moment.

Pero imbis na mainit na ngiti, a cold stare and hard words were what he got in return. "Please don't act as if we'll gonna see each other again. What happened between us is already hard for me to deal with. Isang pagkakamali ang lahat na ibabaon ko na lamang sa limot," pagkasabi niyon ay kaagad na

tumalikod at naglakad palayo si Alyssa.

Ilang sandali pang nanatili si Patrick sa kinatatayuan, sinusulit ang huling pagkakataon na masisilayan niya ang dalagang ni hindi man lamang niya nalaman ang pangalan.

*What happened between us may be a mistake but I would be glad to do it over and over again…anang binata sa sarili.*

# 2

"Hoy, nasaan ka ba kagabi? Tawag ako nang tawag sa bahay mo pero hindi mo sinasagot ang telepono," ani Shiela, ang pinsan ni Alyssa na siyang kanyang katulong sa pagha-handle sa maliit niyang bookstore. It was already ten in the morning and they just had their opening.

"Ah… eh… nasa bahay lang ako. Baka hindi ko lang narinig 'yung pag-ring ng telepono, maaga kasi akong nakatulog," pagsisinungaling niya. She was never really good at lying at alam niyang magaling itong maka-sense pagdating sa mga ganoong bagay kaya pilit siyang umasta nang normal at nag-focus sa pag-i-inventory ng mga libro.

"Maagang natulog, o naglasing kang mag-isa sa bar? Alam mo, Alyssa, delikado 'yang ginawa mong 'yan. Mamaya kung ano'ng kabaliwan pa ang magawa mo kapag nalasing ka, nag-iisa ka pa naman!"

"Anong kabaliwan ang sinasabi mo? Wala akong ginawang kabaliwan, 'no!"

"Eh, bakit ka defensive? Siguro nga wala ka sa

bahay mo kagabi, lumabas ka nga at nagpakalasing, ano?" panghuhuli ni Shiela sabay lapit sa kanya.

Pilit pa ring umiiwas si Alyssa. Even if Shiela was like a sister to her already, she was not ready to reveal what happened to her the previous night. "Puwede ba tantanan mo na muna ko, Shiela? Napakaraming trabaho rito, kung anu-ano pa ang pinag-iintindi mo d'yan!"

Sasagot pa sana ito nang biglang humahangos na pumasok ang kanilang part-time trabahador na si Louie. "May nasagap akong balita na siguradong makakaapekto sa ating lahat!"

"Hay naku, Louie, ang aga-aga pinaiiral mo na naman ang pagiging OA mo d'yan!" napailing na ani Shiela na bumalik muli sa pag-aayos ng mga libro.

"Hindi ako nagbibiro, malaking balita itong nasagap ko!"

"So ano na nga ba itong malaking balita na nasagap mo?" tanong ni Alyssa.

"Alam n'yo ba kung ano ang gagawin sa malaking building na kakatapos lamang itayo sa kanto?"

"Supermart ang balita ko," sagot ni Shiela.

"Hindi na matutuloy ang supermart na 'yon.

Umatras na 'yung Chinese na uupa sana. May bago nang kumuha ng puwesto at ang sabi, bookstore daw ang itatayo doon!"

"Bookstore!" sabay na bulalas ng magpinsan.

"Eh, hindi ba sobrang laki naman yata ng lugar nila para gawing bookstore?" giit ni Shiela.

"Ang sabi hindi lang daw basta-basta bookstore ang itatayo doon, may kasama pa daw record bar at internet café. 'Yung tipong kumpleto na talaga!" patuloy pang lahad ni Louie na hindi magawang ikubli ang excitement para sa bagong establishment na iyon. At hindi iyon nakaligtas sa pansin ni Alyssa. *Kung si Louie nga mismo na-e-excite para sa bagong bookstore na 'to, paano pa kaya ang ibang tao?* hindi niya maiwasang isipin. Gayunpaman, pilit niyang itinago ang panlulumo, alam niyang kailangang magpakita siya ng lakas sa mga panahong iyon.

"Hindi bale, hindi tayo maaapektuhan ng bookstore na 'yan kahit gaano pa sila kalaki. Hindi pa ako ipinapanganak, nakatayo na ang tindahang 'to. Kaya we don't need to worry, guys, we'll be all right," matatag na sabi ni Alyssa.

---

"Maganda ang naisip mong business sa lugar

na 'to, you are in a very strategic location. Tatlong schools ang nakapalibot dito," saad ni Chad who was obviously impressed sa naisip na negosyo ng younger brother na si Patrick.

"Kaya nga when this building was offered to me, hindi na ako nagdalawang-isip, I thought this would be the perfect place for my one-stop shop," pagsang-ayon niya habang nakatingin sa labas ng still-bare building. He was filled with so much enthusiasm for this first business venture matapos siyang kumawala sa kompanya ng kanilang amang si Don Emilio Fuentes. At a very young age of twenty-seven, Patrick already had a clear vision of the path that he was intending to take in terms of his career. It has always been his aim to establish his own identity in the business world, kaya naman nang maisip niyang kaya na niyang magsarili ay kaagad siyang nagpaalam sa ama na maluwag namang sumang-ayon at nagbigay ng buong suporta.

"Pero, Pat, nakaikot ka na ba sa paligid nitong building?" tanong ni Benny, ang kanilang pinsan.

"Oo, noong isang araw, nakapaglakad ako sa paligid. Bakit mo naitanong?" naintrigang tanong ni Patrick.

"Napansin mo ba 'yung maliit na bookstore mga

isang kanto ang layo mula rito?"

"Nadaanan ko siguro pero hindi tumatak sa isip ko, bakit?"

"Hindi ka ba naaawa sa kanila? With this super bookstore that you're creating, siguradong mawawalan sila ng kabuhayan."

"When you enter a business, you should prepare yourself to roll with the punches. For sure, maaapektuhan sila sa negosyo kong ito but if they are wise enough to see through everything, they will see this as a challenge for them to strive to be better," hayag ni Patrick.

Hindi na ito sumagot, tila nakumbinsi.

---

Noong gabing iyon matapos isara ang bookstore, niyaya ni Alyssa ang pinsang si Shiela sa kanyang bahay upang may makasalo naman siya sa pagkain ng dinner.

"Hindi ka ba nalulungkot, mag-isa ka lang dito sa bahay mo? Bakit kaya hindi ka na lang sa amin tumira? Tutal aalis na rin naman si Ate Kathy, kaming dalawa na lang ni Mommy ang matitira sa bahay," pag-o-offer ni Shiela habang binubuksan

ang lalagyan ng pancit palabok na kanilang binili bago umuwi.

"Okay naman ako dito. Kung malungkot man ako, alam kong isang tawag ka lang naman, eh," panigurado niya habang inaayos ang mga plato at kubyertos na kanilang gagamitin. "Isa pa, hindi ko magagawang iwanan ang bahay na 'to. All the memories that I've had of my dad are here…"

Namatay sa panganganak kay Alyssa ang kanyang ina kaya ang ama lamang niya ang mag-isang nagpalaki sa kanya. Hindi man niya naranasan ang makaramdam ng pagmamahal ng isang ina ay hindi niya naramdaman na isang malaking kawalan iyon para sa kanya dahil kuntentong-kuntento siya sa kalinga ng ama.

Labis ang naging pagmamahal ni Mr. Saison kay Alyssa, halos umikot ang mundo nito sa anak. Lahat ng kanyang gustuhin ay agad niyang nakukuha. She was daddy's little princess. Kaya naman nang mamatay ang ama dahil sa aneurism ay halos gumuho ang kanyang mundo. She was twenty-one years old at that time and for the first time in her life, she had come to know the feeling of being alone.

"Oo nga pala, mahirap nang iwanan 'tong bahay mo at baka magwala si Tito Raul!" pabirong sabi nito

na halatang enjoy na enjoy sa palabok na kinakain.

Mayamaya ay natigil ang tawanan at muli ay naging pensive ang atmosphere. "Siya nga pala, okay ka na ba talaga, Alyssa?" untag muli ni Shiela. "I know I shouldn't be mentioning Alfred anymore but I'm really worried about you. Alam kong labis kang nasaktan sa ginawa niya but we never talk about it. Kinikimkim mo na naman ang lahat d'yan sa dibdib mo. Hindi makakabuti 'yan para sa 'yo."

A year after her father died, nakilala ni Alyssa si Alfred na kanyang schoolmate sa *UST*. It was her first time to fall in love at dahil wala na ang kanyang ama, rito niya naibuhos ang lahat ng kanyang pagmamahal at atensyon. The sadness that used to fill her days had somewhat vanished as she had come to build another world with him. For a while, ang buong akala niya ay hindi na matatapos ang kanyang kaligayahan, pero sa isang iglap ay kinuha itong muli sa kanya matapos magpunta si Alfred sa Canada.  Pero hindi naman iyon ang naging katapusan ng mundo para kay Alyssa dahil nangako ang nobyong siya ay babalikan. Sa loob ng dalawang taon, she held onto that promise hanggang sa malaman niyang nagpakasal na pala ito sa isang Canadian citizen.

"I admit, pakiramdam ko gumuho na naman ang mundo ko nang malaman ko ang ginawa niya. Hindi ko maipaliwanag ang klase ng sakit na ibinigay niya sa akin, there was even a time I wanted to die but—"

"But what?"

Noong una ay nagdadalawang-isip pa rin si Alyssa kung sasabihin pa ba sa pinsan ang tungkol sa nangyari sa kanya nang nakaraang gabi, pero hindi nagtagal ay napagpasyahan niyang ilahad na rin iyon. Baka sakaling iyon ang paraan para maialis niya ang bagay na iyon sa isipan.

"Something happened to me that somehow took my mind away from Alfred…"

"Eh, ano nga 'yung nangyari sa 'yo?" usisa ni Shiela na hindi na matagalan ang pambibitin ng pinsan.

"I was at the bar, remember? And there I met this guy… you know I tend to do crazy things when I'm drunk, right? Well, I kind of did something crazy last night…" may pag-aalangan niyang lahad. Napayuko siya. Hanggang ngayon, hindi pa rin siya makapaniwalang nagawa niya iyon. Twenty-five years niyang iningatan ang virginity niya and all of

a sudden, she lost it to a total stranger she met in a bar!

"Don't tell me you slept with this guy?" hula nito.

Nanlaki ang mga mata ni Alyssa. "Paano mo nalaman?"

"Totoo? You did that?" Ito man ay na-shock. "Alam kong uso ngayon 'yan. Pero hindi ko lang ine-expect na gagawin mo 'yun…"

"Oh, my God! Iniisip mo siguro that I am a cheap girl."

"Of course not! Kilala kita. Alam kong disente kang babae," sinserong sabi ni Shiela. Niyakap pa siya nito. "Lahat naman ng tao nagkakamali, so huwag mo na lang isipin 'yon."

"Sana nga, ganoon lang kadali 'yon. I just can't help but feel guilty and…and… I really don't understand what I feel…" balisang tugon ni Alyssa. Hindi na niya nagawa pang galawin ang kinuha niyang pagkain.

"Teka nga muna, sigurado ka ba talagang lasing ka noong ginawa mo 'yon?" nakataas-kilay nitong tanong.

Nanlaki ang mga mata ng dalaga nang marinig ang tanong na iyon. "Siyempre naman, 'no! Gagawin ko ba 'yun kung nasa katinuan ako?"

"Ang ibig kong sabihin, wala ka man lang bang naaalala sa mga nangyari? Siguro naman kahit lasing ka, kahit paano may sense ka pa rin. Hindi mo ba alam… how he made love to you?"

"I don't remember anything but I felt… comforted," aniya na patuloy pa ring nababalisa sa pinatutunguhan ng mga pangyayari sa buhay niya. "Sa totoo lang, ine-expect ko pa rin ang sarili ko na patuloy pa ring nasasaktan sa nangyari sa amin ni Alfred but the truth is, I don't feel any pain anymore. This is really weird!"

"Hmm… nangyari ba ang lahat ng iyan after you spent the night with that guy?"

"Yeah. So what are you trying to say?"

"Hindi kaya ipinapakita na sa 'yong dapat mo nang kalimutan si Alfred and this guy can be the one to help you do that?"

"My God! Ni hindi ko nga kilala ang lalaking 'yon. Last night was the first time we've met. The only thing I know about him is his name, I think it's Patrick."

"Kaya nga, eh. Hindi kaya this is a sign na he's really the one for you?"

"Iyan ang nakukuha mo sa pagbabasa ng mga romantic novels na 'yan! This is real life, my dear cousin, where there are a lot of consequences for what I have done," pagrarason ni Alyssa, not buying her romantic ideologies.

"Sus! Ano bang consequences? Puwede ba huwag ka nang mag-isip d'yan! Hindi ikaw ang unang tao sa mundo na nag-give in sa desires ng katawan mo," patuloy pa ni Shiela who was trying to be reasonable with what happened. "Teka nga muna, puwede ko bang malaman ang hitsura ng lalaking 'to? Sana naman papable siya para hindi naman nasayang ang pagkakamali mo."

Alyssa could not help but feel a slight frustration over her cousin's way of taking her situation lightly. Nevertheless, she chose to answer her question dahil alam niyang hindi rin naman siya nito tatantanan. "He looks…" Napahinto siya, trying to picture in her mind the image of the guy which she never had trouble remembering, but somehow she couldn't find the right words to describe. "He looks good. He's tall, almost six feet, I guess."

"'Yon lang? Ano hitsura ng mukha niya?

Matangos ba ang ilong? Tisoy? Delicious ba? Come on! Speak up, my dear!"

"All right, he looks like a Spanish mestizo, with very strong facial features. And his body…" She was reminded of the incident when she saw him in all his naked glory and somehow she couldn't help but let out a silent giggle. "His body's… long, lean muscular…very strong…"

Hindi nakaligtas sa pansin ni Shiela ang naging reaksyon niyang iyon. "Hmm… sinasabi na nga ba. Nag-enjoy ka rin, 'no! Sayang nga lang wala ka sa katinuan at hindi mo lubusang naramdaman ang lahat." Napapalatak na umiling pa ito, sabay salin ng orange juice sa kanyang baso.

"Hoy, hindi ah! Ang sama mo talaga!"

"Sus! Pa-manang effect ka pa d'yan! Magpakatotoo ka, sister!"

---

"Yes, Mr. Herrera we are looking forward to working with you," ani Patrick sa kausap sa kanyang cellphone habang siya ay tumatakbo sa treadmill at a moderate speed.

This had been the routine of Mr. Patrick Fuentes

every single day, to start out with a visit to the gym with his cousin Benny and sometimes with his Kuya Chad. And at the same time responding to the numerous calls that were mostly business-related.

"Kelan ba ang target date mo for the opening of your bookstore?" tanong ni Benny nang matapos ang phone call.

"This coming Saturday," tugon niya habang pinapatay ang cellphone at ibinalik muli ang concentration sa kanyang pagtakbo. "I'll be expecting you there!"

"Siyempre naman, hindi ako puwedeng mawala sa pagsisimula ng business empire ni Mr. Patrick Fuentes," may panunuksong sinabi nito na nagsisimula na makaramdam ng paghingal.

"Ano bang business empire ang pinagsasasabi mo d'yan? That's not in my agenda, I'm just taking everything slowly, one at a—" Hindi na nagawang tapusin pa ni Patrick ang kanyang pagpapaliwanag nang mapalingon siya at madaanan ng kanyang paningin ang isang babae na kabababa lamang sa treadmill. "It's her!" Wala sa sariling nasabi niya. Kaagad na bumaba siya ng treadmill at pinilit habulin ang babae na naglalakad na noon patungo sa shower room.

"Hoy, Pat, saan ka pupunta?" puno ng pagtatakang tanong ni Benny subalit hindi na niya ito nagawang sagutin pa because he was so intent on reaching the girl.

And he did reach her. Nudging her shoulder, the girl looked at him with a mixture of puzzlement and annoyance on her face.

"I'm sorry," kaagad na sabi ni Patrick matapos ma-realize na hindi niya iyon kilala.

"Bakit, sino ba 'yung babaeng 'yon at nagkakandarapa ka pa sa kakahabol sa kanya?" kunot-noong tanong ni Benny na sumalubong sa kanya pagbalik niya sa kanilang kinaroroonan.

Hanggang ngayon, hindi pa rin tuluyang binabalikan ng diwa ang binata. He was lost in thinking about the girl he had met at the bar and made love with, two nights ago.

"Hoy! Ano ba'ng nangyayari sa 'yo?"

"Huh!"

"Sus! Ano bang espirito ang sumasapi sa 'yo at nagkakaganyan ka?" natatawang tanong ng pinsan niya.

"Ano bang kakornihan 'yang pinagsasasabi mo?"

balik ni Patrick matapos matauhan at kinuha ang kanyang tuwalya at tubig.

"Eh, matino kasi tayong nag-uusap kanina nang bigla ka na lang nagkakandarapa sa paghahabol sa babaeng 'yon. Eh, sino na naman ba 'yung chick 'yon, ah? At mukhang in-snob ka! Aba himala, si Patrick Fuentes na saksakan ng habulin, ngayon iniisnab na lang ng mga chicks!" Pumalatak pa ito.

"Sira! Akala ko kasi siya 'yung nakilala ko noong isang gabi sa bar," aniya sabay inom ng tubig.

"Sus! Hindi ka pa rin talaga nagbabago, hanggang ngayon babaero ka pa rin!" Napailing si Benny. "Mamaya makarating kay Sunshine 'yang mga pinaggagagawa mo dito sa Pilipinas habang wala siya, ikaw rin!"

Tila hindi pumasok sa tainga ni Patrick ang sinabi nitong iyon. Normally, kapag naririnig niya ang tungkol doon, hindi niya maiwasan ang makaramdam ng pagkakonsyensya; but now it was different. It was as if he suddenly became deaf and all that matters to him was that girl whose name he was not even able to get.

"Bakit kaya gan'on? Dati kapag may nami-meet akong babae, it was all just a physical thing. But with

this girl… I don't know, there's just something about her that I don't know but I'm just… I'm just drawn to her. I really can't explain it," hayag ni Patrick.

"Aba, Patrick! Ikaw ba talaga 'yan?" may pagka-exaggerated na anito. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na naringgan siya ng pinsan na nagsabi ng tungkol sa kanyang nararamdaman. It had never happened before, not even in his relationship with his fiancée.

"Ewan ko ba hindi ko rin talaga maintindihan ang sarili ko. Magmula nang makasama ko ang babaeng 'yon, hindi na siya nawala sa isip ko. Even if I am working this hard, she's still occupying my mind," patuloy pa ring amin ni Patrick na hindi inalintana ang pang-aasar ng pinsan. Wala siyang pakialam kung inilalabas na niya ang tunay niyang nadarama.

Hearing those words, Benny seemed alarmed. "Pinsan, parang hindi na yata maganda 'yang nangyayari sa iyo na 'yan. You've got a girlfriend who loves you so much. You're not supposed to be feeling that way towards another girl."

"I know," ani Patrick. He could only wish that he would get over this craziness soon.

# 3

Isang umaga, on the way sa kanyang bookstore ay napadaan si Alyssa sa bagong tayong bookstore na may pangalang *The Haven*. Napansin niya ang pila ng tao sa labas at nalaman niyang iyon pala ang opening day niyon.

Seeing the excitement and eagerness in the faces of the people that were mostly students from the nearby schools, may naramdaman siyang kaba sa dibdib. Hindi iyon ang unang pagkakataon na may sumubok na kumumpitensya sa kanyang negosyo, pero ang lahat ng mga iyon ay maliliit na tindahan lamang din kagaya ng sa kanya. Hindi tulad ng nakatayo ngayon sa harap niya. Nagmukhang tila langgam na lang ang hitsura ng kanyang negosyo kumpara rito. *Siguradong lahat ng mayroon sa tindahan ko, mayroon din dito at higit pa*, naisip niya na nagsisimula nang maalarma sa bagong threat sa kanyang business.

Sa kabila ng mga pangamba at bigat ng kalooban, hindi pa rin nagpatalo si Alyssa. Looking up at the sky, she imagined her father watching over her. *Alam ko, Daddy, hindi mo ko pababayaan. We*

*can get through this…*

Kahit paano ay nakaramdam siya ng kumpiyansa. She tried her best to put a smile on her face as she walked towards her store, praying for a good day to come her way.

---

"Congratulations, pare, successful ang opening nitong business mo!" puri ng isa sa mga kakilala ni Patrick na kanyang naimbitahan sa pagbubukas ng kanyang first business venture.  Kasalukuyang nasa opisina ni Patrick ang lahat ng kanyang bisita at nagdiriwang.

It was already early evening and still, napakarami pa ring pumupunta to check out the new store in town. Hindi maipaliwanag ang kaligayahang nadarama ni Patrick dahil sa mainit na pagtanggap ng mga tao ay higit pa sa kanyang inaasahan.

"Kaya dapat mag-toast tayong lahat," sabi ng kanyang Kuya Chad na naroon kasama ang kanilang ama na si Don Emilio para magbigay ng moral support.

Nagsisunuran ang lahat, raising their wineglasses, nagsimulang magsalita si Don Emilio na hindi maitago ang pride para sa anak.

"For the start of a prosperous venture and a glorious career for my son…"

"Cheers!" sabay-sabay na tugon ng mga bisita.

"Thank you sa inyong lahat na inistorbo ko ngayon, I know you guys are so busy but still you took time off your hectic schedules just to show your support for me today. This means a lot to me," sinserong pahayag ni Patrick overwhelmed with everything that was happening to him.

---

"O, magkano ang kinita natin ngayon?" tanong ni Alyssa kay Shiela na siyang nagbibilang ng laman ng kanilang cash register.

"Six hundred twenty-seven," nanlulumong tugon nito. Normally, umaabot sila ng mahigit sa seven thousand pesos kada araw, kung sinusuwerte pa nga ay halos twelve thousand pa. Kaya naman talagang nakakapanghina para sa kanila ang all-time lowest sales na iyon para sa kanilang tindahan.

"Tatatlo lang kasi ang customer na nagpunta dito kanina, 'yung isa umalis pa kaagad matapos malamang bukas na 'yung bagong bookstore na 'yon!" dismayadong lahad ni Louie habang nagpupunas ng mga libro.

"Hindi bale, excited lang sila sa bagong bookstore na 'yon. Hindi magtatagal, babalik ulit sila sa atin matapos nilang ma-realize na mas maganda ang service dito," saad ni Alyssa na pilit pa ring nagpapakita ng optimism sa harap ng kanyang mga kasama kahit pa sa loob niya ay labis ang nadarama niyang pagkabahala. "Mabuti pa siguro, umuwi na kayong dalawa nang makapagpahinga na kayo.  Ako na ang bahalang magsara nitong tindahan."

"Sigurado ka?" nag-aalalang tanong ni Shiela. "Alam kong hindi maganda ang pakiramdam mo, baka mamaya may balak ka na namang pumunta ng bar. Ikaw rin! Baka maulit 'yung nangyari sa iyo noong isang linggo."

"Bakit, Ma'am Alyssa, ano'ng nangyari sa inyo noong isang linggo?" naiintrigang tanong ni Louie.

"Ah, wala. Sige na, umuwi ka na nang makapag-aral ka pa para sa klase mo bukas," paglilihis niya ng usapan habang binibigyan ng masamang tingin ang pinsan.

Kung hindi lang pagod na pagod si Shiela, gugustuhin sana nitong maglagi pa para mahintay siya at sabay na silang umuwi pero sa estado nito ngayon na naghahanap na ng tulog ang katawan, imposible na para rito ang maghintay.

Matapos magpaalaman ay ikinandado na ni Alyssa ang tindahan. However, she chose to stay and finish all the paper works she needed to accomplish para kahit paano ay maging busy siya at magawang alisin ang isipan sa mga bagay na bumabagabag sa kanya.

Pero kahit anong pilit niyang mag-concentrate sa accounting na ginagawa ay patuloy pa ring naglalakbay ang kanyang isipan. Hanggang sa magdesisyon siyang patayin na ang computer at itigil na ang ginagawa.

Getting off her seat, nagsimula siyang mag-ikot-ikot sa paligid, absent-mindedly touching and looking at the books she had passed through. All of a sudden the feeling of being alone has returned to her, clutching itself into every piece of her being.

---

Matapos ang kasayahan sa kanyang opisina, nagsiuwian na ang mga bisita ni Patrick hanggang sa siya na lamang ang matira sa building na iyon. After instructing the guards, kukuhanin na sana niya ang kotse sa parking lot nang may bigla na lamang pumasok sa kanyang isipan.

*"Napansin mo ba 'yung maliit na bookstore isang*

*kanto ang layo rito? Hindi ka ba naaawa sa kanila? With this super bookstore you're creating, siguradong mawawalan sila ng kabuhayan…*

Noong unang beses niyang marinig iyon, it never bothered him but what he could not understand was why it bothered him now.

Isinara niyang muli ang pintuan ng sasakyan at ini-lock. "Iiwanan ko na muna ito sandali may pupuntahan lang ako," aniya sa guard, sabay labas ng parking lot at sinimulang tunguhin ang direksyon ng maliit na bookstore.

*What are you doing, Patrick? You can't be going emotional over a business!* pangaral niya sa sarili habang nilalakad ang tahimik na kalye na kanina lamang ay punong-punong ng mga tao at sasakyan.

*Ito na malamang 'yon*, he thought. "*Bookworm, Inc.*," basa niya sa maliit na pangalan sa itaas niyon. Sumilip siya sa salamin at pilit inaaninag ang madilim na loob niyon. And after a while he began to calculate how much they could be earning in a day, lalo na ngayong nagbuksan na ang bookstore niya. Sapat kaya ang kinita nila o wala na silang kinita?

This went on in his mind habang patuloy na

sumisilip sa madilim na looban. Ang kaninang awa na kanyang nadarama ay nadagdagan pa ngayon ng pagkakonsyensya. In his whole life, he had never doubted his strength in handling business matters, he had even taken pride in his character of being a shrewd businessman. Pero tila ang lahat ng iyon ay naglalaho ngayon na kaharap niya ang isang maliit na kumpetensya.

*Patrick, ano na ba'ng nangyayari sa 'yo? You are supposed to be celebrating tonight not remorsing over something like this!* pangaral niya sa sarili. Natauhan lamang siya nang may makitang anino na gumalaw mula sa loob ng tindahan. Kaagad siyang napaatras at lumayo sa salamin; humahangos siya dulot ng kaba na baka nakita siya ng kung sino mang tao na nasa loob.

---

Sa gitna ng kanyang pagsisentimyento ay may naaninag si Alyssa na taong nakatayo sa labas ng kanyang tindahan at sumisilip mula sa salamin. Setting aside her feelings, she walked towards the glass panel and tried to see who that person was. Subalit hindi pa man siya tuluyang nakakalapit nang biglang magmadali ang tao na umalis sa kinalulugaran nito.

Binalot siya ng takot. *Sino ang taong 'yon? At ano ang kailangan nito sa tindahan ko?* nangangamba niyang isip. Kahit noon pa na ang kanyang ama ang may hawak ng tindahan, ni minsan hindi sila nakaranas na masalisihan o kahit pagtangkaang pasukin at nakawan. She had always been confident of the safety in their area but now that something like that had happened, she has become unsure and scared.

---

Matapos kuhanin ang kanyang sasakyan, naisipan ni Patrick na pumunta sa bar kung saan sila nagkita ng babaeng hanggang ngayon ay hindi pa rin nilulubayan ang kanyang isipan.

Pagkapasok doon ay may naramdaman siyang tila nerbyos sa dibdib. *This girl is definitely something*, napangisi niyang isip dahil sa totoo lang ay wala pang babaeng nakapagparamdam sa kanya ng ganoon maliban dito. He might have had colorful experiences with various women but there was no one who had gotten through his heart.

Lalo pang nanaig ang nerbyos na iyon nang makita niya ang babae na nakaupo sa puwesto kung saan niya ito natagpuan noong unang beses na sila ay magkita. *Is this really true?* ang may pagdududa

niya pang tanong sa sarili. Nangangamba kasi siya na baka maulit na naman ang nangyari sa gym kung saan ay inakala niyang ito ang nakita ngunit kahawig lang pala.

"Scotch, Sir?" pangunguna na ng waiter na siya ring nag-serve sa kanila last time.

"Yes, please," tugon ni Patrick habang umuupo sa tabi ng babae. Hindi nagtagal ay naramdaman niya ang dahan-dahang paglingon nito sa kanya. At doon ay nakumpirma niya, ito nga ang babaeng matagal na niyang inaasam na makitang muli. "Hi! It's so nice to see you again," sinsero niyang bati na hindi maiwasang labasan ng ngiti sa mga labi. Isa talagang malaking himala ang naidulot sa kanya ng babaeng ito dahil ang dati-rating sanay sa simangot niyang mukha ay natututo nang ngumiti ngayon.

Subalit kabaligtaran ang hitsura ng babae na namilog ang mga mata, animo nakakita ng multo. "Hi," ang mahinang tugon nito mayamaya, sabay yumuko at umiwas ng tingin.

Sa tantya ni Patrick ay kararating pa lamang nito at ang vodka na hawak ay ang pang-una pa lamang. He could see very well that she had not been hit by tipsiness yet and her face was still looking clear and fresh, without the cloudiness in her eyes and the

slurred, animated speech.

*Oh my God, she is even more beautiful when she is sober*, hindi niya maiwasang isipin habang pinagmamasdan ang mukha nito. Kung hindi pa ito tumayo mula sa kinauupuan ay hindi niya titigilan ang ginagawang pagtitig dito.

"Wait, saan ka pupunta? You haven't finished your drink yet," naalarma niyang tanong habang hawak ang braso nito.

Hindi sumagot ang babae bagkus ay tiningnan lamang nito nang masama ang kamay niyang nasa braso nito. Kaagad naman niyang nakuha ang mensahe at tinanggal ang kanyang kamay.

"I'm sorry," anang binata na bigla na lamang nakaramdam ng pangangapa. He got scared that one wrong move might make him lose her again. "Look, I know I'm making you uncomfortable because of what happened before. Maybe we should just forget everything and start fresh here because I'd really like to get to know you…"

Pakiramdam ni Patrick ay tumutulay siya sa alambre habang naghihintay ng reaksyon mula rito. Nang bumalik ito at umupo muli sa kanyang puwesto ay doon lamang siya nakahinga nang maluwag.

"Thank you," hindi niya naiwasang sabihin para sa pagpapaunlak nito sa kanyang kahilingan.

Subalit nanatiling tahimik ang babae at nakatitig lamang sa boteng hawak, tila napakabigat pa rin ng problemang pinapasan.

*She must be still in agony over her stupid boyfriend*, naisip ng binata na nakaramdam ng kurot sa kanyang puso.

"Siya nga pala, I wasn't able to get your name the last time, baka puwedeng… malaman ko ngayon," banggit, still feeling as if he was walking on eggshells, very careful in his manner and choice of words, not wanting to cause any undue discomfort for her.

"Alyssa."

"Alyssa," ulit niya, liking the sound of her name. "By the way, I'm Patrick, just in case you weren't able to remember…"

Hindi tumugon ang dalaga at napansin niyang medyo dumarami na ang naiinom nito. "Is there something wrong?" tanong niya na nais magbukas ng topic na mapag-uusapan. "The last time you were here, problemado ka sa boyfriend mo. Siya pa rin ba ang nagpapahirap ng kalooban mo?" Hindi alam ni Patrick kung iyon ba ang nararapat na itanong niya

sa tagpong iyon subalit alam niyang huli na rin para magsisi pa siya, nabitiwan na niya ang mga salita.

"Another vodka please," order ni Alyssa sa bartender matapos ubusin ang natitira sa kanyang bote. Ang buong akala ni Patrick ay iisnabin ng dalaga ang kanyang naging tanong nang bigla na lamang itong magsalita matapos ang ilang sandali. "Have you ever known the feeling of being alone?"

"Of course," confident niyang tugon habang isa-isang dinaraanan ang mga pagkakataon na nadama niya iyon sa buhay. "Maraming beses sa tuwing may maa-achieve ako in terms of my career, sa simula masaya ako, pero later on mare-realize ko na balewala lang ang lahat. I don't have that woman I truly love with whom I can share my success and my life with…" Napansin ni Patrick ang pagbaling sa kanya ng tingin ng dalaga na tila may nais itanong subalit biglang natigilan.

"Bakit? Iyon ba ang pinagdaraanan mo ngayon?" tanong niya matapos pansamantalang mamayani sa kanila ang katahimikan.

Napansin niya ang pag-inom muna nito bago sumagot sa bawat tanong niya, na animo kumukuha ito ng lakas sa alak na iniinom. "Pinagdaraanan ko mula noong mamatay ang daddy four years ago

hanggang ngayon na nangyayari sa akin ang lahat ng ito at nag-iisa ako. Ewan ko nga ba sa Diyos, hindi na naawa sa akin. Kinuha na lahat ng mahal ko sa buhay, wala man lang itinira sa akin," napangising sabi ni Alyssa as if trying to lighten her situation.

Hindi inaasahan ng binata na ganoon pala ang sitwasyon ng dalaga. Habang pinakikinggan niya itong magsalita, damang-dama niya ang kalungkutan ng mag-isang pakikipagsapalaran nito sa buhay. Kung pupuwede lang na akuin niya ang lahat ng paghihirap nito ay gagawin niya, maging masaya lamang ito. "What do you say if I tell you from now on, you will never be alone again because I will be here for you and I will never leave you?"

Napatingin sa kanya ang dalaga na parang nakarinig ng isang biro. "Okay ka lang? You don't even know me. We don't even know each other, 'tapos sasabihin mo sa akin ang mga bagay na 'yan?"

"I may never have truly fallen in love yet in my whole life but I am sure that what I feel right now is true. I am in love with you and that's all I need to know…" derechong pahayag ng binata na wala ni katiting na pag-aalinlangan. Siya ay iyong tipo ng tao na kapag may pinasok na isang bagay ay sigurado siyang kaya niyang panindigan.

Samantala, hindi naman makapaniwala si Alyssa sa naririnig, alam niyang may karamihan na rin ang kanyang naiinom, pero hindi pa sapat para malasing. *Ano ba 'tong nangyayari sa akin? Who is this guy? And why is he saying these things to me?* naguguluhan niyang isip.

Aminin man ng dalaga o hindi, nakaramdam siya ng kilig matapos marinig ang mga salitang iyon ni Patrick. It was like finding light for her after being stuck inside a dark tunnel for a long time.

Kahit na nakakaramdam siya ng kaligayahan ay hindi pa rin nito maiwasan ang makaramdam ng pangamba. Her heart was badly broken and she could not afford to subject it again to another risk by entertaining this guy even if he could make her feel so good.

"Dumadami na ang naiinom mo," paalala ni Patrick matapos mapansin ang mas bumilis pa ngayong pag-inom nito. Nagsimula tuloy mag-worry ang binata na baka nakaapekto pa lalo rito ang tungkol sa kanyang paglalahad ng tunay na nadarama. Lihim niyang pinagalitan ang sarili sa ginawang pagmamadali.

Habang pinagmamasdan niya ang walang pakundangang pag-inom ng dalaga, the more he

realized his love for her.

"Alam mo kung ano ang isang bagay na pinapangarap ko?" baling sa kanya ng dalaga matapos manahimik nang matagal. "Gusto ko lang maging masaya ulit tulad noong buhay pa ang daddy ko. Kahit dalawa lang kami, masaya pa rin kami. Kaya lang hindi na ulit siya babalik, kaya hanggang pangarap na lang talaga ang kasiyahang iyon na inaasam ko…"

Halos hindi na nito magawang i-focus ang mga mata sa kanya at pati pananalita ay apektado na pero kitang-kita niya ang pagpatak ng luha mula sa mga mata nito. "I may not be your father but I promise, I'll do everything to make you happy," aniya sabay tayo mula sa kinauupuan at naghanda sa pag-alalay rito palabas ng bar. He knew she had enough to drink.

Nang maisakay niya ito ng kotse ay kaagad na naidlip ang dalaga. "Tsk! I forgot to ask for her address again!" napapalo sa noong nasabi ni Patrick. "Sorry, Alyssa, we have no choice…"

---

Getting inside the house had been a bit more difficult today compared to the last time. Noon kasi

ay nagawa pang maglakad kahit paano ni Alyssa papasok ng bahay kahit pa pasuray-suray ito. Pero ngayon, sadyang mahimbing ang pagtulog nito kaya walang nagawa si Patrick kundi ang buhatin ito na hindi naman naging problema sa binata for he has more than enough strength to carry her slim body.

Inihiga niya ang babae sa kama saka pinagmasdan ni Patrick ang pagkakahimbing nito. Inayos niya ang ilang hibla ng buhok na tumatabing sa maamong mukha nito. While watching her sleep, he realized that she looked more peaceful now compared to the last time. The pained expression was gone and there was even a faint trace of a smile on her face.

For a moment, a crazy thought suddenly flashed into his head. Hindi niya maikakaila na mayroon siyang pagnanais na muling makasiping ang babae pero alam niyang hindi iyon ang tamang panahon para roon.

"Tonight, I will take good care of you," bulong niya rito sabay halik sa noo.

Dinaig pa ng nagbabagang halik, mainit na yakap at nananabik na yapos ang kanyang nadarama nang mga sandaling iyon habang pinagmamasdan niya ang maganda nitong mukha. Seeing her in that complete state of bliss, it made him feel as if he

was in heaven. *Ako na yata ang pinakamasuwerteng lalaki sa mundo at nakilala ko ang isang katulad mo. Ngayon alam ko, kumpleto na ang buhay ko…*

# 4

*Oh, my God!* bulalas sa sarili ni Alyssa matapos siyang magising kinabukasan at mahanap ang sarili sa parehong lugar kung saan may nangyari sa kanila ni Patrick.

Kaagad siyang napatingin sa kanyang gilid at nakita niyang mag-isa lamang siyang nakahiga roon dahil ang binata ay nakaupo lamang sa isang stool at kasalukuyang mahimbing na natutulog habang nakadantay ang ulo sa gilid ng kanyang kama.

Immediately, she began to check her clothes underneath the covers, nakita niyang bihis na bihis pa rin siya. Iyon pa rin ang kanyang suot noong magpunta siya sa bar kagabi. Medyo nabawasan ang panic niya. Pero naroon pa rin ang kaba.

*Sh*t! What could I have possibly done again?* nangangamba niyang isip, matapos ma-realize na blangko ang kanyang alaala dahil sa matinding pagkalasing noong nakaraang gabi.

At bigla na lamang ay nakaramdam siya ng pagkataranta. *I need to get out of here before he even wakes up. I don't think I can face him anymore!*

"Himala, late ka yata ngayon," bungad ni Shiela matapos pumasok si Alyssa sa tindahan thirty minutes later than their opening. Kadalasan, siya ang pinakaunang dumarating at nagbubukas niyon pero ngayon dahil nanggaling pa siya sa bahay ni Patrick, nahuli siya ng dating.

"Ah, eh… medyo n-napuyat kasi ako kagabi," pagdadahilan niya.

Mabuti na lamang at abala ito sa ginagawang inventory at hindi na nagawang mapansin ang kanyang pagkautal. "Siguro nagpagabi ka pa rito, 'no?" anito habang patuloy pa rin sa ginagawa.

"Ha? Ah, medyo." Biglang pumasok sa kanyang isipan ang nangyari roon nang nakaraang gabi. "Alam mo bang kagabi, may nakita akong tao na aaligid-aligid sa labas at sumisilip pa rito matapos kong patayin ang ilaw."

Natigil si Shiela sa ginagawa at napalapit sa kanya, puno ng pag-aalala. "Naku! Sinabi na nga ba, eh. Dapat hindi kita iniwang nag-iisa rito kagabi!" may pagsisising anito. "Eh, ano'ng ginawa mo?"

"Sinigurado ko na lang na naka-lock ang lahat ng mga pinto at bintana. Nagpalipas ako sandali,

saka ako umalis," aniya, remembering the fear she felt the previous night.

"Bakit hindi mo man lang ako tinawagan? O di kaya si Louie, para napuntahan ka man lang namin dito't nasamahan ka. Delikadong mag-isa sa ganoong pagkakataon!"

"Hindi na kailangan. Kaya ko naman na ang sarili ko at isa pa huwag mo na lang isipin 'yon, ang mahalaga walang nangyaring masama. Mas maging maingat na lang siguro tayo mula ngayon."

"Hay, ano na ba ang nangyayari sa atin ngayon? Parang ang gulo-gulo ng lahat!" pailing-iling na nasabi ni Shiela sabay tayo at balik sa mga librong ini-inventory.

---

Walang ganang naghanda ng agahan si Patrick. Ni hindi niya magawang inumin kahit ang kape man lang na tinimpla niya. He was just so lost. He never thought that after having the happiest night of his life, he would be waking up to an empty, miserable morning.

He lost Alyssa again. Pagmulat ng mga mata niya kaninang umaga, hindi na niya ito nakita. Hinagilap niya ang buong kabahayan pero wala ito.

Pagkarinig ng tunog ng doorbell ay bigla na lamang naliwanagan ang madilim na mundo ng binata.

"Alyssa!" buong pag-asam na naisip niya sabay halos takbuhin na ang direksyon ng pinto. "Aly—" Laking panlulumo niya nang makitang hindi pala ang kanyang inaasahan ang nasa harap ng kanyang pinto.

"Honey! I missed you so much!" anang babaeng bumungad sa kanya at yumakap nang pagkahigpit-higpit.

"Kelan ka pa dumating, Sunshine?" wala sa sariling tanong ng binata na hindi pa rin maka-recover sa pagkadismaya.

"Kanina lang. Hindi ko na sinabi sa 'yo kasi I wanted to surprise you," masayang pahayag nito habang mapanuring binabantayan ang kanyang reaksyon. "Bakit parang hindi ka yata masaya na nandito ako?"

"Of course not! I'm happy… really I am," balik niya na pilit nagpalabas ng ngiti sa mukha. "Tara, pasok ka muna sa loob." Binuhat na niya ang nag-iisang bag na dala nito.

Girlfriend ni Patrick si Sunshine for the last three

years. Nagkakilala sila sa pamamagitan ng kani-kanilang mga ina who happened to be good friends. They hit it off very well, enjoying each other's company hanggang sa pumunta ang dalaga sa Amerika para mag-aral. Dahil sa distansya at pagkaabala sa sari-sarili nilang buhay ay nagkalabuan ang dalawa.

"So how's your studies?" tanong ni Patrick, trying his best to show his interest kahit na sa loob-loob niya ay wala siyang maramdamang ganoon.

"Oh, hell! Sana nga hindi na lang ako nagtuloy noon, hindi pa sana tayo nagkalayo…" anito sabay lapit at yakap sa kanya.

"Gan'on ba. Teka muna, baka nagugutom ka. Sandali at ipaghahanda muna kita ng makakain." Marahang inalis niya ang sarili mula sa pagkakayakap nito. "Ano ba'ng gusto mo?" aniya na nagsimula nang buksan ang ref.

Subalit hindi nakaligtas kay Sunshine ang kakaiba niyang kinikilos. "What's wrong, Patrick? Iniiwasan mo ba ako?" tanong nito.

Na-realize ng binata na siguro iyon na ang tamang panahon para i-settle nila ang tunay na estado ng kanilang relasyon. Lumapit siya sa kinatatayuan nito.

"Sunshine, I don't think it will ever work out between us. Maybe it's about time that we go and move on with our lives…"

Hindi na napigilan ng dalaga ang pagdaloy ng luha. "What are you talking about? We are in love with each other, why are you telling me this?"

Hindi madali para kay Patrick na makita ito sa ganoong kondisyon dahil kahit paano ay may pinagsamahan sila at naging masaya siya sa piling nito noon. Gayunpaman, alam niyang kailangan niyang magpakatotoo sa tunay niyang nararamdaman dahil kung hindi ay mas lalo lamang itong masasaktan sa bandang huli.

"You will always be special to me," sinsero niyang sinabi sabay hawak sa makinis nitong mukha. "You are a wonderful girl, Sunshine, but I'm afraid I don't deserve you. There's another man that's meant for you. I'm sure you will find him."

"Who is she, Patrick? I know you've found somebody else. Who is she?" tanong nito sa galit na tinig.

"Sunshine, please…" halos nagmakaawa niyang sabi. Binitiwan niya ang mukha nito at tumalikod.

"Ang buong akala ko our love was strong enough

to survive even the distance we have from each other. Pero paano nga naman mangyayari 'yon, if I was the only one loving for both of us? Goodbye, Patrick…" pagkasabi niyon ay dali-daling lumabas ng bahay ang dalaga baon ang matinding sakit at pighati.

Samantala, nanatili sa kinatatayuan niya ang binata. "I'm sorry, Sunshine."

---

"O, ano na naman ang iniisip mo d'yan?" bungad ni Shiela kay Alyssa nang lumabas ito mula sa CR at matagpuan siyang tulalang nakaupo sa tapat ng cash register. "Iniisip mo na naman ba ang mahinang benta?" hula nito. "Huwag kang mag-alala, makakaraos rin tayo. Hindi magtatagal lalakas rin ulit ang benta natin."

"Honestly, hindi lang tungkol sa negosyo ang iniisip ko ngayon, Shiela," pagtatapat niya. "Something happened last night…"

"Na naman!" gulat na gulat na bulalas ng kaibigan na napalapit bigla sa kanya. "Kanino ka naman nakipag-one night stand ngayon?"

"Sira! Ang dumi talaga ng isip mo!" naalarmang balik ni Alyssa. She became somewhat sensitive about others' perception of her after what happened

between her and Patrick before. "Walang koneksyon sa sex ang tinutukoy ko but it still involves Patrick…"

"Nagkita kayong dalawa?" napataas-kilay nitong tanong.

"Oo, nagkita ulit kami kagabi sa bar," napayuko niyang lahad knowing what would come next—ang sermon mula sa pinsan.

Hindi nga nagkabula ang hula niya. "Talaga naman, oo! Hindi ka na nadala! Alam mo namang nagiging lukaret ka kapag nakakainom. Paano kung ibang lalaki ang nakakita sa 'yo doon at ginawan ka ng masama? Hindi ko na talaga alam kung ano ba'ng umaandar d'yan sa kukote mo!"

"Oo na! Alam kong mali ang ginawa ko pero… pero hindi ko talaga napigilan ang sarili ko, eh. I had been too scared… alone…"

Alam niya, naiintindihan ni Shiela kung bakit ganoon ang kanyang ikinikilos. Higit kanino pa man, ito ang pinakanakakakilala sa kanya. "Bakit, sa tingin mo ba tuluyang mapapawi ng alkohol 'yang mga dinaramdam mo? Habang lasing ka lang, doon niya kayang pagaanin ang sitwasyon mo. Pero kapag nawala na ang kalasingan mo, malalaman mong

hindi naman talaga nawala ang problema mo."

"Alam ko 'yon. Pero, Shiela, may sinabi sa akin kagabi si Patrick na sa tingin ko ay nakapagpapawi ng lahat ng dinaramdam ko…"

Inilahad niya rito ang mga napag-usapan nila ng binata, lalo na iyong parte na naghayag ng damdamin sa kanya si Patrick.

Napatili si Shiela. "Oh, shit! Nakakaloka naman ang lalaking 'yan! Naiiyak ako sa kanya," anito sabay punas ng luhang tumulo mula sa isang mata.

"Okay ka lang, bakit ka naiiyak d'yan?" singhal ni Alyssa.

"Ang romantic niya kasi, eh. Kapag sa akin sinabi 'yon… hay, Diyos ko, hindi ko na siya pakakawalan!"

"Tingnan mo 'to, kanina lang sinesermonan mo ko tungkol sa pagiging loka-loka ko kapag nakainom 'tapos ngayon… Hay naku, ikaw yata ang loka-loka!"

"Ewan ko ba, I know we're not supposed to be trusting strangers but I just can't explain why I feel this way towards this guy kahit hindi ko pa siya nakikita. It's like you guys were fated to be together!"

"You really think so?" may pag-aalinlangang tanong ni Alyssa. Siya mismo ay hindi makapaniwala.

They were strangers to each other but she felt like a part of her was attached to Patrick already.

"I believe so!" mariing tugon nito. "Look, alam ko kaya ka nagkakaganyan is because you guys started out in an unusual manner para sa mga tipo mong konserbatibo. But try to look at it in a different way, this guy may be the one sent to you so that you will never be alone again. Give him a chance…"

Hindi na muling nakapagsalita pa si Alyssa, she tried her best to digest everything that her cousin had said. *Give him a chance…*

# 5

Nadatnan ni Benny si Patrick sa opisina niya na nakatingin lang sa kawalan.

"Hey, Patrick! Patrick!"

Matagal bago napansin ni Patrick na naroon pala sa opisina niya ang pinsan.

"O pinsan, napadaan ka?" may pagkasorpresa niyang balik while getting back at his senses.

"Mukhang ang lalim ng iniisip mo ah, may problema ba?" concerned na tanong nito habang umuupo sa tapat ng kanyang mesa.

"Wala naman," tugon niya while running his hand through his hair.

Hindi na nag-usisa pa si Benny, tinanggap na lamang nito ang sagot niya. "By the way, nabanggit nga pala sa akin ni Mariel na nakita niya raw si Sunshine sa *Rustan's* kahapon, nagkita naman na siguro kayo, ano?"

"Yeah, she went to my house yesterday," kumpirma niya, "and I broke up with her."

"What! Pero binalikan ka pa niya. Nalolokoka na ba? Saan ka pa makakahanap ng babaeng ganoon kaganda, katalino, kayaman na handang gawin ang lahat para sa pagmamahal sa 'yo? You've got to be crazy to let someone like that go!"

"Pero, pinsan, hindi ko siya mahal. We may have hit it off very well, we had nice time together. Pero iyon lang iyon. She could never get into my heart. I don't want to be unfair to her anymore, I want her to find the one that she truly deserves."

Hearing those things, kahit paano nagawa na ring kumalma ni Benny. "Just like how you had found the girl you truly deserve? Is this because of her?"

"Hindi na ako magkakaila. Yes, it's because of her. Her name's Alyssa and I am in love with her," walang pag-aalinlangang saad ni Patrick.

There was something about the way he looked that struck Benny, a kind of fire and intensity in his eyes that his cousin had never seen before whenever he would talk about the other women who became a part of his life. Kaya naman hindi na ito nahirapang makumbinsi. Alam nitong sa wakas ay nakadama na nga siya ng tunay na pag-ibig. "If she is the one who can make you happy, sino ba ako para kumontra?"

Napangiti si Patrick. "Thanks, bro. Alam kong isa ka sa mga taong talagang makakaintindi sa akin," naginhawahan niyang tugon.

Hindi niya alam kung anong klaseng reaksyon ang kakaharapin niya mula sa mga ibang taong malapit sa kanila ni Sunshine, pero kahit ano pa man iyon ay naihanda na niya ang sarili.

---

"Ano ba 'yang pinagkakaabalahan mo d'yan at nagsasalubong na naman ang kilay mo?" tanong ni Shiela nang makita nito ang pinsan na subsob sa ginagawa nito sa harap ng computer.

"Shiela, I think kailangan na nating alisin si Louie. Sa liit kasi ng kinikita natin ngayon, I don't think kakayanin pa nating suwelduhan siya," malungkot na sabi ni Alyssa.

"Kailangan ba talagang alisin pa siya? Eh, kung bawasan mo na lang ang suweldo ko para makasuweldo si Louie? Kawawa naman kasi siya; he really needs the job right now lalo na at graduating siya."

Matagal na ring nagtatrabaho para sa kanila ang binatilyo at talaga namang napalapit na ito sa kanilang dalawa kaya sadyang napakahirap para sa

kanilang bitiwan ang desisyon na iyon.

Ang hindi nila alam ay nakabalik na pala si Louie mula sa pag-aayos nito ng mga libro sa bodega at nagawang marinig ang kanilang buong usapan. "Hindi n'yo na po kailangan pang gawin 'yon, Ma'am Shiela. Huwag po kayong mag-alala, may naitatabi pa naman akong pera na puwede kong maipambayad para sa mga gastusin ko ngayon hanggang sa makahanap akong muli ng bagong trabaho," panigurado ng binata na hindi rin maiwasang malungkot.

"Huwag kang mag-alala, Louie, ire-recommend kita sa mga kakilala kong may-ari rin ng ibang bookstores," pag-o-offer ni Alyssa na pilit nilalabanan ang lungkot na nadarama sa kanyang puso.

"Maraming salamat po, Ma'am, sa lahat-lahat ng naitulong ninyo sa akin. Hinding-hindi ko po kayo makakalimutan," sinsero nitong sinabi. "Huwag po kayong mag-alala, ipagdarasal kong makabangon kaagad ang tindahan na ito."

"Maraming salamat rin, Louie…" kapwa sambit nila.

Habang pinagmamasdan ang pagbalik ng binata sa mga naiwang trabaho ay nakaramdam si Alyssa

ng matinding kirot sa puso niya. Bukas, nakatayo pa kaya ang tindahang ito?

---

Matapos manggaling sa isang luncheon conference ng grupo ng mga book retailers ay dumerecho sa kanyang puwesto si Patrick. After parking his car at his reserved slot ay may bigla na lamang pumasok na ideya sa kanyang isipan. Imbis na pumasok kaagad sa loob ng building ay tumawid siya sa kabilang kalsada.

Hindi niya alam kung ano ba ang nangyayari sa kanya at binabalikan na naman niya ang puwesto ng kakumpitensyang bookstore.

Hindi pa man siya tuluyang nakakalapit sa eksaktong kinaroroonan niyon nang bigla siyang matigilan matapos makita ang isang babae na napakapamilyar sa kanya. “Alyssa?”

Lalapitan niya sana ito nang may isang matandang lalaki na lumabas rin mula sa tindahan at nagsimulang mag-usap ang mga ito.

He decided to hide behind a huge post located a few meters from where the two were standing. Tamang-tama lamang ang lugar na iyon, hindi siya gaanong napapansin subalit sapat upang marinig

ang usapan ng mga ito.

*Oh, Patrick what a cheap trick you're doing!* pangaral niya sa sarili. Subalit nakuha na ng mga ito ang curiosity niya.

"Alam ko naaapektuhan ang benta mo dahil sa pagkakatayo ng *The Haven* na 'yan. Kumusta na ba ang lahat ngayon, Alyssa?" concerned na tanong ng matanda.

"Masamang-masama po, Tito. Kinailangan ko nga pong tanggalin 'yung ilang trabahador namin," amin ng dalaga na mababakas sa mukha ang pagkabalisa. "Sa totoo lang, natatakot ako na kapag nagpatuloy ito, baka mapilitan akong isara na lang itong bookstore. Alam kong malaking bahagi na ito ng buhay ni Daddy. Ito ang bumuhay sa amin, nakakalungkot man pero wala akong magawa."

"Huwag kang mag-alala sa daddy mo, hija. Alam kong kung nasaan man siya ngayon, mas pipiliin niyang isakripisyo ang tindahang iyan kaysa naman nakikita niyang nahihirapan ang pinakamamahal niyang anak," anito sabay akbay kay Alyssa. "Isipin mo na lang din na lahat ng bagay na nangyayari sa buhay natin ay may dahilan. Baka itong nangyayari sa 'yo ngayon ay paraan para makita mo ang isang mas magandang bukas para sa 'yo. Minsan mong

tinalikuran ang pagsusulat dahil sa pag-aasikaso ng tindahang ito, bakit hindi mo kaya iyon balikan ulit?"

"I don't know, Tito. Hindi na yata ako marunong magsulat," nag-aalalangang amin ng dalaga habang patuloy na nakadantay ang ulo sa balikat ng matanda.

"That's not true!" diin nito, dismissing her insecure claim. "Ang isang tunay na talento ay hindi nawawala, maaaring kalawangin ito, pero hinding-hindi ito mawawala. Nasa sa iyo pa rin 'yan, hija. At ang sa akin lang, walang mawawala kung susubukan mo iyong muli…"

Hindi na sumagot pa si Alyssa. Tila nanigas naman mula sa kanyang kinatatayuan si Patrick matapos marinig ang lahat. Sa kauna-unahang pagkakataon, ang ever brilliant and lightning speed thinking ng binata ay pumalya matapos siyang mawalan ng idea kung ano ang gagawin ngayong nalaman niyang ang babaeng minamahal pala ay siya ring may-ari ng tindahang kanyang pinatumba.

---

Noong gabing iyon, matapos isara ang kanyang tindahan, dumerecho si Alyssa sa bar na siyang naging susi sa lahat ng nangyayari sa kanila ni Patrick.

After thinking long and hard about everything, she decided to finally give herself and the guy a chance to develop the magic she knew had been there even from the start.

Subalit mahigit isang oras na siyang nasa bar ay hindi pa rin dumarating ang binata. "Ano po ba ang gusto n'yo ngayon, Ma'am, martini or vodka? O baka naman scotch? Ipaghahanda ko po kayo," pag-o-offer ng bartender.

"No, just give me another orange juice…"

Kulang na lamang ay kumurap ang bartender upang siguruhing ang kaharap nga ay ang regular customer na dati-rati ay halos magpakalunod sa alak. "Orange juice coming up," sinabi na lamang nito.

*Oh God, what does this mean? I'm taking my chance now with him, pero bakit wala pa rin siya hanggang ngayon? Are you trying to send me a message here? Don't you want me to be with—*

Hindi na niya nagawang tapusin pa ang iniisip nang may makita siyang papasok ng entrance.

*Oh, my God! I never realized he is this gorgeous! Sayang, bakit ba ngayon ko lang siya nakita nang hindi ako lasing?* Papalapit sa kanya ang binata who

looked so dashing in his blue long-sleeved polo and black slacks.

"Hi," bati nito habang umuupo sa kanyang tabi.

"Hi," ganti ni Alyssa. *Grabe! Look at that smile!* Bakit ba pakiramdam niya ay nanghihina siya? She was feeling like a high school girl who had just seen her biggest crush.

"Don't tell me, iinom ka na naman kaya ka nandito?"

Wow! He sounded like a concerned boyfriend! Pilit niyang ikinukubli ang kilig na nagbabadyang sumabog mula sa kanya.

"No, I don't need to drink anymore…" may pagkamisteryosa niyang tugon sabay lihis ng tingin dahil pakiramdam niya ay matutunaw na siya sa pagtitig ni Patrick.

"Oh, so this means wala kang problema ngayon?"

Hearing that question, she could not help but feel a sudden slight drop in her energy level. Buong araw ay hinarap niya ang mga naging problema sa tindahan at tanging ang pagpunta sa bar na iyon ang nakatulong kahit paano na malimot iyon. Pero ngayon, bumalik iyon sa kanyang alaala. Pakiramdam

niya ay para siyang ibon na namamayagpag na lumilipad sa himpapawid at bigla na lamang ay naputulan ng pakpak at lumagpak sa lupa.

"Well, I couldn't say na wala na akong problema ngayon. Sa totoo lang, napakalaki pa rin ng problema ko at mas lalo pa yatang lumalaki bawat araw. It's about my business." Katulad noong una, she openly told her what was bothering her.

Pakiramdam ni Patrick ay bigla siyang sinampal matapos marinig ang paglalahad ng dalaga. He could see from the sadness in her eyes how much she was suffering and he knew it was all because of him. Why does everything have to be this complicated?

"Pero huwag na lang nating pag-usapan 'yon. I don't want to waste this moment by being miserable…" ani Alyssa na ngumiti. "I want to apologize for my behavior in the past. Sa totoo lang hindi naman talaga ako mahilig uminom, kaya lang… medyo marami lang akong pinoproblema noon. Pero ngayon na-realize ko nang hindi masosolusyunan ng alak ang mga problema ko. What you are seeing right now is the real me and I intend to stay this way from now on, sober and decent para hindi naman ako maging kahiya-hiya sa 'yo…"

"Hindi mo naman kailangan pang magpaliwanag.

Even from the first time I had seen you, alam ko na kung anong klaseng tao ka. Ni minsan hindi ko nagawang husgahan ang pagkatao mo. I've already accepted everything about you—your good and bad points because for me, that is the only way to love someone…"

"I… I don't know what to say," tanging nasabi ni Alyssa who was overwhelmed with gladness. Apart from her father, Patrick was the only man who had ever made her feel genuinely loved.

"You don't have to say anything, but… you can do something."

Napataas ang kilay ng dalaga. "What?"

Dahan-dahang inilapit ni Patrick ang mukha hanggang sa halos isang pulgada na lamang ang layo ng kanilang mga labi. "This is what you can do…"

Hindi na nagawang intindihin pa ng dalawa ang mga tingin na ibinibigay sa kanila ng mga taong nakapaligid. Patrick loved the sweetness of her soft, juicy lips while Alyssa went weak with the probing but gentle way that his tongue entered her mouth. But pretty soon all the nervousness vanished and what was left was an ecstatic sensation that filled

every part of their being.

Nang sa wakas ay nagawa nilang maghiwalay, doon lamang nila na-realize kung gaano kalaking atensyon ang kanilang nakuha.

"Siguro mas maganda kung umalis na tayo rito," anang dalaga na unti-unti nang tumutupi sa labis na pagkailang habang patuloy pa ring nagtitinginan, nagbubulungan at napapangiti ang mga tao habang nakatuon ang pansin sa kanila.

"All right, let's go."